| MATATAG<br>K to 10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | Visit DepEdResources.com for More | Baitang: | 4 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | FILIPINO |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | SEPT. 30 – OCT. 4, 2024 (WEEK 1) | Markahan at Linggo: | Ikalawang Markahan |

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabularyo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (anekdota, tulang pambata, at kuwentong-bayan) at tekstong impormatibo (paglalahad muli (recount) gaya ng talaarawan at talambuhay ng sarili), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng salaysay ng karanasang lokal o rehiyonal at tungkol sa sarili (talambuhay ng sarili o autobiography). |


| | |
|---|---|
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>● Nauunawaan ang tekstong naratibo anekdota.<br>a. Natutukoy ang mga bahagi ng teksto (simula, gitna, wakas).<br>b. Naibibigay ang kahulugan sa kilos at pahayag ng tauhan<br>c. Natutukoy ang magkakaugnay na pangyayari.<br>d. Naibibigay ang opinyon at reaksiyon sa ikinilos ng tauhan<br>e. Nababago ang katangian o pag-uugali ng mga tauhan.<br>f. Natutukoy ang mga elemento sa pagkukuwento.<br>● Natutukoy ang tayutay na asonans sa pagbibigay-kahulugan ng pahayag sa binasa napakinggang teksto. |
| **D. Nilalaman** | AKDANG NARATIBO:<br>Anekdot |

| | |
|---|---|
| | a<br>Unang Linggo<br>KAUGNAY NA PAKSA:<br>Kayarian ng Pangngalan |
| **E. Integrasyon** | Paksa tungkol sa pagbabakasyon sa probinsiya upang maitampok ang kalinangan ng isang bayan |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

EnhancedBasic Education Act. (2013). Nakuha mula sa https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act- no-10533/
Gabay Pangkurikulum sa Filipino. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City. Hicana, M., & Ayson, R. (2023). Hasik Dunong: Pinagsanib na Wika at Pagbasa. Triumphant Publishing Corporation.
StoryboardThat. (2023). Storyboard Creator | Comic Strip Maker. Retrieved from https://www.storyboardthat.com/storyboard-creator

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**Paglalakbay Tungo sa Makabuluhang Pagkatuto: Tayo nang magtungo sa mga pulo ng pagkatuto.**<br><br>**Pulo ng Pagbabalik-tanaw: Pag-alaala sa nakaraang natutuhan, pundasyon sa matatag na kasalukuyan.**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>Ipagawa sa mga mag-aaral ang gawaing nakatala:<br>**Dugtungan Tayo:** Lagyan ng tamang titik ang bawat patlang upang mabuo ang mga pahayag.<br>● Ang naratibo ay tinatawag ding pags_s_l_y_a_<br>● Sa naratibo para ka ring nagku_ _en_ _<br>● Ano ang nangyari sa iyo ngayong araw? May is_ _ry_ ka ba?<br><br>**2. Pidbak**<br>Hayaang magbahagi ang mga mag-aaral sa mga nakasaad na pahayag. **Alalahanin Mo:** Basahin ang bawat pahayag pagkatapos ay tumawag ng kamag- aral upang magbahagi.<br>Sa pagkukuwento, para maintindihan ka ng nakikinig sa iyo at maging kapana- panabik ang istorya mo kailangang isaalang-alang ang sumusunod na elemento: | Ang bahaging ito ay elaborasyon ng pagtuturo sa implementasyon ng iba't ibang bahagi ng aralin.<br><br>Ang mga tala ay magiging gabay sa mga guro sa paraan ng presentasyon ng aralin at gawain, mungkahing teksto o lunsaran, kagamitan, at sanggunian, maging ang bahagi sa proseso ng integrasyon. Ang bahagi ring ito ay modipikasyon ng iba't ibang alternatibo para sa pagpapaunlad at pagpapayaman sa aralin. Ang bahaging ito ang magiging daan sa pleksibilidad sa pamamahala ng oras kaugnay ng progreso at pag-angat ng kakayahan ng mga mag-aaral. |




Gabayan ang mga mag-aaral upang matukoy ang mga elemento.

**B. Paglalahad ng Layunin**

**Pulo ng Paggalugad 1: Talakayan ay palalimin, kaalaman ay palawakin.**

Kailangang maipaunawa sa mga mag-aaral kung ano ang kahalagahan ng anekdota bilang isang halimbawa ng akdang naratibo.

1. **Panghikayat na Gawain**

Samahang maglakbay ang mga mag-aaral sa mga paksang tatalakayin ngayong araw. Gawin ang tanong-sagot para sa interaktibong talakayan.

Makatutulong na gabay ang sumusunod na tanong:

Alalahaning muli ang iyong mga nabasa tungkol sa kuwento. Sikaping sagutin ang mga tanong:

- May nabasa ka na bang anekdota? Isalaysay mo nga.
- Nagustuhan mo ba o hindi ang nabasa mong anekdota? Bakit?
- Ano-ano ang dapat isaalang-alang sa pagkukuwentong muli ng nabasang anekdota?

2. **Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

Ibigay ang mga mahahalagang salita kaugnay ng anekdota. Gawing gabay ang una at huling titik na nasa patlang upang matukoy ang sagot. Punan ang patlang sa kaliwang hanay.

| | |
|---|---|
| **P_________________o** | ● Ang anekdota ay isang uri ng … |
| | |
| | |
| | |

| | |
|---|---|
| **k________________________n** | ● Ang pagkukuwento ay mula sa sariling … |
| **n________________________a** | ● Ang karanasang ikukuwento ay kadalasang |
| **d________________________n** | ● Sa kabuuan, ang mga paksa sa pagkukuwento ng anekdota ay mula sa sariling karanasan na may paksang nakakatuwa, nakakainis, nakakalungkot, nakakatakot, nakakabigla, o anomang salaysay tungkol sa… |


Sa kabuuan, ang mga paksa sa pagkukuwento ng anekdota ay mula sa sariling karanasan na may paksang nakakatuwa, nakakainis, nakakalungkot, nakakatakot, nakakabigla, o anoumang salaysay tungkol sa…

**3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin Pulo ng Pag-alam: Mga gawaing-pangkaalaman, dagdag karunungan.**

Ayusin ang mga titik na nasa kaliwang bahagi upang mabuo ang susing salita kaugnay ng anekdota. Basahin ang deskripsiyong nakatala sa kanang bahagi.

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br>**Pulo ng Pagtuklas: Karagdagang aralin ay alamin, kaalaman ay palalimin. Kaugnay na Paksa 1:**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Gawing patnubay ang mga gabay na tanong upang maiugnay ang mga dating karanasan ng mag-aaral sa inaasahang matututuhan.<br><br>1. Ano-ano ang karanasan mo na hawig sa binasang anekdota? | Sa bahaging ito ay iuugnay ng guro ang paksa tungkol sa wika kaugnay ng naunang aralin. Tiyaking bago ipabasa ang anekdota bilang lunsaran ngtalakay ay gamitin muli ang mga susing salita upang maiugnay sa tekstong babasahin. Sa ganitong paraan, madaling mapoproseso |

| | |
|---|---|
| 1. n a t h u a<br><br>**Sagot**: | Ang bida sa iyong kuwento. |
| 2. g p a n u t<br><br>**Sagot**: | Lugar kung saan naganap ang iyong kuwento. |
| 3. p y a n a r y g a i<br><br>**Sagot**: | Pagkakasunod-sunod na naganap sa iyong kuwento. |
| 4. s a k a w<br><br>**Sagot**: | Dito nagtatapos ang iyong kuwento |
| 5. a l a r<br><br>**Sagot**: | Natutuhan mo sa iyong kuwento |



| | | |
|---|---|---|
| | 2. Kapag ikaw ang magkukuwento, ano ang mga dapat mong tandaan upang maintindihan ang iyong kuwento?<br>3. Ano-ano ang tatlong bahagi ng talata sa anekdota?<br><br>**2. Paglinang ng Konsepto: Pagbasa ng Anekdota**<br><br>**Lakbay-Aral sa Aming Probinsiya**<br>ni: Maria Fe Hicana<br><br>Noong Mayo, nagpasya ang aming pamilya na magbakasyon sa probinsiya ng aking tatay sa Ilocos. Kami ay nagbiyahe nang malayo mula sa aming tahanan sa Taguig upang masilayan ang ganda at kultura ng Ilocos Norte. Sa aming unang araw ng aming pagdating, kahit medyo pagod pa kami ay pumunta agad kami sa dagat. Ako, ang aking mga magulang, kasama angaking mga kapatid ay nagtungo sa dalampasigan upang maglaro sa buhangin at magtampisaw sa mababaw na tubig. Napawi ang aming pagod. Napansin namin ang mga malalaking na alon. Agad kaming sinabihang mag-ingat sa mga ito. Pagkatapos ng aming paglalakad sa dalampasigan, isang salusalo ang inihanda sa amin. Nakalatag ang mga pagkain sa isang mahabang mesa. May mga isda at karneng nakahain.<br><br>Hindi mawawala ang mga gulay na pamapalakas ng katawan at prutas bilang panghimagas. Kahit ayoko ng gulay at pinilit kong kumain dahil alam kong masustansiya ang mga ito. Natural ang tamis ng mga prutas kaya kumain na din ako nito, hindi tulad ng mga panghimagas sa Maynila na kadalasan ay artipisyal ang pampatamis. Ibang-iba ito sa mga kinakain namin sa Maynila na kadalasan ay fast food. Makikitang sariwa ang mga pagkain dito sa probinsiya. Nabusog ako sa masasarap na pagkaing inihain sa amin. Kinabukasan, kami ay pumunta sa Vigan, Ilocos Sur, kung saan makikita ang magagandang bahay na bato at makasaysayang kalsada.<br><br>Napalibutan kami ng makukulay na bulaklak at nakakatuwang mga kalesa. Napagtanto namin kung gaano kahalaga ang pagpapahalaga sa ating kasaysayan at kultura. Sa aming huling araw, pumunta kami sa Bangui Wind Farm, kung saan makikita ang malalaking wind turbines na nagpoprodyus ng kuryente. Napagtanto namin ang kahalagahan ng paggamit ng malinis na enerhiya upang mapanatili ang kalikasan. Hindi ko namalayan na nakaisang linggo na pala kami sa Ilocos.<br><br>Nakauwi kami sa Taguig na puno ng mga bagong alaala at karanasan. Ang aming paglalakbay sa Ilocos ay nagturo sa amin na mahalin at alagaan ang ating probinsiya. Nagkaroon ako ng mas malalim na pag-unawa sa kahalagahan ng kalikasan at kasaysayan ng aming rehiyon. Mabuti na lang at nakapunta ako sa magagandang lugar. Alam ko na ito ay magiging bahagi ng aking buhay. Lalo kong minahal ang bansang Pilipinas! | ng mga mag-aaral ang pag- unawa sa pagbasa ng teksto. |

| | | |
|---|---|---|
| | **3. Pinatnubayang Pagsasanay:** | Balikang-muli ang pangngalan. Gabayan ang mga mag- aaral sa pagsagot sa gawain<br><br>Ipaalala sa mga mag-aaral ang mga bahagi ng teksto. |

Batay sa binasang anekdota, ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod:

1. Ano ang paksa ng anekdota?
2. Bakit naikuwento ang naging pamamasyal sa probinsiya?
3. Ano-ano ang mga ginawa nila pagkadating sa probinsiya?
4. Kinabukasan ng kanilang pagdating ay ano naman ang kanilang ginawa hanggang bago bumalik sa Maynila?
5. Paano nabago ang pananaw niya sa pagkain ng mga gulay at prutas?
6. Ano ang mga napagtanto niya sa kanilang pagbabakasyon?
7. Tungkol saan ang unang bahagi ng talata?
8. Ano ang pagkakaiba ng ikalawang bahagi ng talata sa huling bahagi nito?
9. Nabasa mo ba sa kuwento ang mga elemento ng anekdota? Isa-isahin ang mga ito?
10. Anong aral ang napulot mo sa binasang anekdota?

**4. Paglalapat at Pag-uugnay:**

**A. 3M: Magtambal. Makinig. Magbahagi.** Humanap ng kapareha. Sikaping bumuo ng anekdota batay sa mga gabay na gawain:

Sa pagsulat ng anekdota, ang teksto ay kadalasang binubuo ng tatlong bahagi. Ito ay ang simula, gitna, at wakas. Sa simula ay tinutukoy kung tungkol saan ang ikukuwento. Sa gitnang bahagi ng teksto ay pagsasalysay ng mga pangyayari o pag-iisa-isa ng mga detalye batay sa nais ikuwento. At sa huling bahagi ay ang wakas o huling pangyayari sa teksto.

Batay sa tampok na tekstong tinalakay, gawing gabay ito sa gawain. Buuin ang talata gamit ang simulang pahayag. Isalaysay ang naging bakasyon.

**<u>Pamagat</u>**

**Simula**

Noong______________________________________________
_________________________________________________
_________________________________________________

**Gitna**

Sa aming ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

**Gitna**

Sa huli ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

**B. Pagbibigay-kahulugan sa Kilos at Pahayag**. Balikan muli ang teksto. Bigyang-kahulugan ang mga pangungusap na nasa kaliwang bahagi ng talahanayan

## IKATLONG ARAW

**Kaugnay na Paksa 2: ARALIN SA WIKA: KAYARIAN NG PANGNGALAN**
**Pulo ng Paggalugad 2: Talakayan ay palalimin, kaalaman ay palawakin.**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Matapos balik- aralan ang Tungkol sa pangngalan ay pag- aaralan naman ang Kayarian ng Pangngalan. Iugnay ang balik-aral sa

| Kilos/Pahayag | Kahulugan |
|---|---|
| 1. Napawi ang aming pagod sa sariwang hangin | |

| | |
|---|---|
| 2. Agad kaming sinabihan na mag-iingat sa malalaking alon. | |
| 3. Hindi ko namalayan na nakaisang linggo na pala kami sa Ilocos. | |
| 4. Mabuti na lang at nakapunta ako sa magagandang lugar. | |
| 5. Lalo kong minahal ang bansang Pilipinas! | |

| | | |
|---|---|---|
| | Basahin ang talatang nakasaad sa loob ng kahon.<br><br>Isang magandang **araw** noon ng **Linggo**, nagyaya ang aking **pamilya** na pumunta kami sa **parke**. Ito ang araw ng aming pamilya para sa ***outing***.<br>Excited na akong sumakay sa aming **kotse** kasama ang mga **kapatid** ko. Noong kami ay nasa kalsada, biglang umulan nang malakas. Dahil sa sobrang ulan, nagkaroon ng matataas **na baha sa daan**. Lima kami sa kotse – ako, ang **kuya** ko, ang **ate** ko, ang aking ***daddy***, at ang aking ***mommy***.<br>Pinasok ng tubig ang aming kotse kaya mabilis naming binuksan ang pinto ng kotse at lumusong na kami sa **baha**.<br><br>Sagutin ang mga tanong na nakasaad at isulat ang iyong sagot:<br>● Ano ang napansin mo sa mga salitang initiman ang sulat?<br>Sagot: ____________________<br>● Ano kaya ang tinutukoy na araw sa pangungusap? Bakit kaya tinawag itong pangngalan?<br>Sagot: ____________________<br>● Pansisnin ang mga salitang kuya, ate, daddy, at mommy, bakitmaituturing din na pangngalan ang mga ito?<br>Sagot: ____________________<br><br>**2. Paglinang ng Konsepto**<br><br>**Kayarian ng Pangngalan** | pangngalan sa panibagong paksa tungkol sa kayarian ng pangngalan upang maunawaang lalo ng mga mag- aaral ang panibagong aralin sa wika. |

***Payak*** ***Maylapi*** ***Inuulit*** ***Tambalan***

| | | | |
|---|---|---|---|
| Ito ay binubuo ng salitang-ugat lamang.<br><br><br>Halimbawa:<br>bakasyon, araw, baon | Binubuo ito ng salitang-ugat at panlapi.<br><br><br>Halimbawa:<br>magbakasyon, arawan, magbaon, | Ito ay nabubuo sa pamamagitan ng pag-uulit ng salita.<br>Halimbawa: baka-bakasyon,<br>araw-araw, baon-baon | Ito ay binubuo ng pagtatambal ng dalawang salita.<br><br><br>Halimbawa:<br>bakasyon-grande<br>araw-gabi,<br>libreng-baon |

| | | |
|---|---|---|
| | **3.** Pinatnubayang Pagsasanay<br>**Isip-Suri**: Suriin ang mga salitang initiman sa sumusunod na pangungusap. Tukuyin kung anong kayarian ng pangngalan ang mga ito<br>1. Wala pang sapat na araw para sa **bakasyon** si Cherry.<br>2. Ang **magkapatid** ay masayang kumain.<br>3. **Araw-araw** ay ipanapanalangin ni Asnaira ang kaniyang ina.<br>**4.** Matagal nang panahon na hinintay ni Angela ang bakasyon-**grande.**<br><br>**4.** Paglalapat at Pag-uugnay<br>**A.** Tukuyin kung anong kayarian ng pangngalan ang nakahilig sa bawat pangungusap. Isulat sa patlang ang P kung ito ay payak, M kung maylapi, I kung inuulit at T kung tambalan.<br><br>________1. Isa sa mga paborito kong prutas ang rambutan.<br>________2. Nagsilbing ina-inahan ni GabXen ang kaniyang tiyahin.<br>________3. Punong-guro ang kaniyang ama.<br>________4. Gusto niyang tulungan ang kaniyang kapatid.<br>________5. Araw-araw ang pagpunta ni Jhigo sa parke.<br>________6. Nalubog ang aming kotse sa baha.<br>________7. Nagkita ang magpinsan sa silid-aklatan.<br>________8. Matalik na magkaibigan sina Che at Aya.<br>________9. Huwag kang makinig sa mga sali-salita.<br>________10. Napanood niya sa telebisyon ang giyera sa Israel.<br><br>**B.** Pangkatin ang mga salita ayon sa kayarian. Isulat ito sa talahanayan<br><br>1. kotse — 6. ginabi<br>2. parke — 7. dagat<br>3. taong bahay — 8. bulaklak<br>4. palaruan — 9. arawan<br>5. bakasyunan — 10. alon-alon | Ipasagot ang mga gabay na tanong sa mga mag-aaral. |

| Payak | Maylapi | Inuulit | Tambalan |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |


**D. Paglalahat**

**IKAAPAT NA ARAW**

**Pulo ng Pakikipagsapalaran: Alamin kung natuto, sa kaalamang itinuro.**

1. **Pabaong Pagkatuto**

   **Sampayan ng Kaalaman:** Isulat ang mahahalagang konseptong natutuhan sa anekdota. Gawing gabay ang sampayan.




2. **Pagninilay sa Pagkatuto**
   **Istroya Ko Ito**. Pangkatin ang mag-aaral na may limang miyembro sa bawat pangkat. Gabayan ng guro ang mga mag-aaral sa paggawa ng anekdota tungkol sa ginawang bakasyon gamit ang storyboardthat. I-click ang link na ito upang makagawa ng kuwento. Ipalahad ito sa klase pagkatapos. https://www.storyboardthat.com/storyboard-creator

<table>
<tr><th colspan="4">IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagtataya</td><td colspan="3">Pulo ng Pagkatuto: Natutuhang kaalaman dapat tuklasin, kung kayang ibahagi, ito’y gawaing katangi-tangi at mabuti.<br><br>1. Pagsusulit<br>A. Buoin ang talata. Punan ng mga salita batay sa mga paksang natutuhan.<br><br>1. Ang naratibo ay tinatawag din ____________, ________. Ang anekdota ay isang uri ng ____________. Ang mga paksa sa anekdota na puwedeng ikuwento ay nakapokus sa damdamin ng nagkukuwento tulad ng pagkatuwa, pagkagalit, ____________, ________.<br>Ang mga elemento sa pagkukuwento ng anekdota ay tauhan, ________, ________, ____________, at ____________.<br>2. Ang pangngalan ay may apat na kayarian. Ang payak ay____________. Ang tambalan naman ay ____________. Maylapi ang pangngalan kapag ____________. Panghuli ay ang Inuulit na ____________.<br><br>2. Takdang -aralin: Pagkuwentuhin ang kalarong nakapagbakasyon. Isalaysay muli ito at isulat sa kuwaderno. Guhitan ang mga elemento sa pagkukuwento at bilugan ang mga kayarian ng pangngalan ang ginamit sa pagkukuwento.</td><td>Sa bahaging ito ay matataya at masusukat ng guro kung naunawaan ng mga mag-aaral ang mga paksang tinalakay</td></tr>
<tr><td rowspan="3">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="3">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
</table>

<table>
<tr>
<td rowspan="2"></td>
<td>Pakikilahok ng mga mag-aaral</td>
<td></td>
<td></td>
<td rowspan="2">template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr>
<td>At iba pa</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay<br>.</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br><br>● <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>● <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>● <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?</td>
<td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td>
</tr>
</table>